# Pagkamatay ng mga Ina 2014–2020



## Washington State Maternal Mortality Review Panel

Ang Washington State Legislature (Lehislatura ng Estado ng Washington) ay nagtaguyod ng Maternal Mortality Review Panel (MMRP, Tagasuring Panel sa Pagkamatay ng Ina) sa loob ng Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan) noong 2016. Sinusuri ng Panel ang pagkamatay ng mga ina sa estado, at naglalabas ito ng mga resulta at rekomendasyon para maiwasan ang pagkamatay ng mga ina sa hinaharap.

Kasama sa mga layunin ng pagsusuri ang alamin kung ang pagkamatay ay may kinalaman sa pagbubuntis, kung kaya itong iwasan, ang mga salik na nagsanhi ng pagkamatay, at ang mga pagkakataon para sa interbensiyon.

### Kapag pinag-aralan ang pagkamatay ng mga ina, maaaring maging mas epektibo ang sistema ng kalusugan para matugunan ang mga salik na nagsasanhi sa mga pagkamatay na ito.

Binubuo ang MMRP ng humigit-kumulang 70 propesyonal sa kalusugan at serbisyong perinatal na may magkakaibang pinanggalingan, na nakatira at nagtatrabaho sa iba't ibang panig ng estado. Ang mga miyembro ng panel ay itinatalaga ng Secretary of Health (Kalihim ng Kalusugan) at naglilingkod sa panel sa loob ng isa o higit pang terminong may tatlong taon. Dapat sundin ng mga miyembro ng panel ang mahihigpit na panuntunan sa pagkakumpidensiyal, at dapat ay wala silang access sa anumang nakikilalang impormasyon. Hindi binabayaran ang mga miyembro ng panel para sa kanilang paglahok.

Ito ay buod ng mga resulta at datos na may mataas na antas, na inilahad sa lehislatibong ulat noong 2019.

Marso 2023

**224**

**Pagkamatay na nauugnay sa pagbubuntis**

Pagkamatay ng isang tao habang buntis o sa loob ng isang taon matapos magbuntis, na may anumang dahilan.

**97**

**Pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis**

Pagkamatay ng isang tao habang buntis o sa loob ng isang taon matapos magbuntis dahil sa komplikasyon sa pagbubuntis, sa magkakasunod na pangyayaring nagsimula sa pagbubuntis, o sa paglubha ng walang kinalamang kondisyon dahil sa mga pisyolohikong epekto ng pagbubuntis.

**80%**

**ng pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis ay kayang iwasan**

# Buod ng mga resulta mula sa pagsusuri sa pagkamatay ng mga ina noong 2014–2020

**Hindi mabilis na nagbabago-bago ang mga antas ng pagkamatay ng mga ina sa Washington.** Ayon sa historikal na datos na nakolekta tungkol sa pagkamatay ng mga ina na nangyari mula 2000 hanggang 2020, nag-iiba-iba ang mga antas ng pagkamatay ng mga ina sa Washington sa pagdaan ng panahon, pero hindi mabilis na nagbabago-bago at hindi tumataas ang mga ito tulad ng nangyayari sa buong bansa.

Noong 2014–2020, nagkaroon ng:

**224 pagkamatay na nauugnay sa pagbubuntis,** na mga pagkamatay na nangyari sa panahon ng pagbubuntis o sa loob ng unang taon matapos magbuntis na may anumang dahilan.

Kasama na rito ang mga pagkamatay mula sa lahat ng uri ng dahilan, gaya ng mga komplikasyon sa obstetrics, aksidente sa sasakyang de-motor, kanser, at homicide.

**97 pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis,** na mga pagkamatay na napagpasyahan ng Maternal Mortality Review Panel ng estado na direktang idinulot o kaugnay ng mga komplikasyon mula sa pagbubuntis, sa magkakasunod na pangyayaring nagsimula sa pagbubuntis, o sa walang kinalamang kondisyong pinalubha ng pagbubuntis.

## Ang mga nangungunang pinagbabatayang sanhi ng pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis ay ang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali.

Ang mga nangungunang pinagbabatayang sanhi ng 97 pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis ay ang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali (32 porsiyento), na pinangingibabawan ng **pagpapatiwakal** at **overdose**. Kasama sa iba pang karaniwang sanhi ang **pagdurugo** (12 porsiyento) at **impeksiyon** (9 porsiyento).

Kasama na rito ang mga pagkamatay dahil sa mga disorder sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali na nagresulta sa pagpapatiwakal at substance overdose.

## 69 porsiyento ng pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis ang nangyari sa panahon ng pagbubuntis o sa loob ng anim na linggo matapos magbuntis.

Sa lahat ng taong pumanaw dahil sa

**pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis...**



**27%** ang buntis sa oras ng pagkamatay

**11%** ang namatay sa araw ng panganganak

**31%** ang namatay sa loob ng 42 araw matapos magbuntis

**31%** ang namatay sa loob ng 43 araw hanggang isang taon matapos magbuntis

## Kasama sa mga nangungunang salik na nagsanhi sa mga kayang iwasang pagkamatay ang kalidad ng pangangalaga, access sa mga serbisyo ng pangangalaga at pagsuporta sa kalusugan, angkop na screening at follow-up, at diskriminasyon.

Tinukoy ng Maternal Mortality Review Panel ang mga salik na nagsanhi sa pagkamatay na may kinalaman sa pagbubuntis, kasama na ang:

- Mga kakulangan sa mga kakayahang klinikal at sa kalidad ng pangangalaga
- Pagkiling at diskriminasyon
- Kawalan ng screening, angkop na follow-up para sa mga salik na nagdudulot ng panganib, pangangasiwa sa pangangalaga o tuloy-tuloy na pangangalaga, o access sa pangangalagang pangkalusugan at paggamot sa kalusugan ng pag-uugali.

Pinalala ang mga salik ng mga panlipunan at pang-istrukturang bagay na nakakaapekto sa kalusugan gaya ng kawalan ng pirming bahay at sistemikong racism.

**Alamin pa ang tungkol sa pagkamatay ng mga ina sa estado ng Washington at kung ano ang ginagawa para mapabuti ang pangangalaga at pagsuporta sa kalusugang perinatal. Pumunta sa doh.wa.gov/maternalmortality.**

**Tagapangasiwa ng Pagsusuri sa Pagkamatay ng Ina**
Prevention and Community Health
(Pag-iwas at Kalusugan ng Komunidad)
Washington State Department of Health
(Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington)
maternalmortalityreview@doh.wa.gov
360-236-3510

Washington State Department of HEALTH

DOH 141-081 March 2023 Tagalog

Para sa mga taong may mga kapansanan, available ang dokumentong ito sa iba pang format. Mangyaring tumawag sa 800-525-0127 (TTY 711) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.